# National Terrorism Advisory System
# Bulletin

www.dhs.gov/advisories **PETSA NG PAGLABAS:** Miyerkoles, Disyembre 16, 2015

## Buod

Tayo ay nasa bagong yugto ng pandaigdigang banta sa kapaligiran, na siyang may mga implikasyon sa sariling bayan. Lalo na sa dumadalas na paggamit ng mga grupo ng terorista ng Internet upang magbigay ng inspirasyon at kumalap, nag-aalala tayo tungkol sa mga "self-radicalized" na mga tagapaganap na maaaring lumusob nang may kaunti o walang abiso. Mayroong kamakailang mga pag-atake at tangkang pag-atake sa daigdig at sa sariling bayan na nagbibigay-katwiran sa pagpapatibay ng seguridad, pati na rin sa pagdadagdag ng pampublikong pagbabantay at kamalayan.

## Panahong itatagal

**Inilabas:** Disyembre 16, 2015

**Matatapos:** Hunyo 16, 2016

## Mga Detalye

- Kahit na wala tayong alam na kabatiran na kapwa tiyak at kapani-paniwala sa panahong ito ng isang balangkas ng mga organisasyon ng terorista na pag-atake sa inang-bayan, ang katotohanan ay nagsagawa, o nagtangkang magsagawa, ang mga indibidwal na nabigyang-inspirasyon ng terorismo ng mga pag-atake sa Estados Unidos sa taong ito.
- Ang DHS ay lalong nag-aalala na ang mga indibidwal na nabigyang-inspirasyon ng terorismo at katutubong mararahas na mga extremist ay maaaring mahikayat o mabigyan ng inspirasyon na asintahin ang pampublikong mga kaganapan o mga lugar.
- Tulad ng nakita natin sa kamakailang pag-atake sa San Bernardino at Paris, isasaalang-alang ng mga terorista ang magkakaiba at malawak na pagpipilian na mga asintahan para sa mga pag-aatake.
- Sa kasalukuyang kapaligiran, ang DHS ay nababahala rin sa mga banta at karahasan na nakadirekta sa partikular na mga komunidad at mga indibidwal sa buong bansa, batay sa pinaghihinalaang relihiyon, etniko, o nasyonalidad.

### Mga kontra-terorismong pagsisikap nggubyerno ng U.S.

- Ang DHS at ang FBI ay nagbibigay ng karagdagang gabay sa mga pang-estado at lokal na mga kasangga sa mga paraan sa pagpapatibay ng seguridad. Dapat asahan ng publiko ang mas lantad na kabantugan ng alagad ng batas sa buong komunidad sa mga linggong hinaharap. Dapat ding asahan ang mas mahigpit na seguridad sa mga pampublikong lugar at mga kaganapan. Maaring kasama dito ang bantog na presensya ng kapulisan, mga karagdagang paghihigpit at pagsusuri ng mga bag at ang paggamit ng mga teknolohiya ng pagsasala.
- Sinisiyasat ng FBI ang potensyal na mga aktibidad na may kaugnayan sa terorismo na kaugnay nitong malawak na banta sa buong Estados Unidos. Pinagsasama-sama ng pederal, estado, at lokal na mga awtoridad ang maraming mga kilos sa pagpapatupad ng batas at pag-aabot sa mga komunidad upang matugunan itong umuusbong pagbabanta.

## Mga uri ng Advisory

### Bulletin

Naglalarawan ng kasalukuyang mga pangyayari o pangkalahatang kalakaran kaugnay sa mga banta ng terorismo.

### Mataas na Alerto

Nagbabala ng isang kapani-paniwalang banta ng terorismo laban sa Estados Unidos.

### Napakalapit na Alerto

Nagbabala ng isang kapani-paniwala, tiyak at papalapit na banta ng terorismo laban sa Estados Unidos.

## Paano kayo makakatulong

- Ang mga lider ng komunidad, katrabaho, kaibigan, at pamilya ay maaaring makatulong sa pamamagitan ng pagkilala ng mga palatandaan ng mga potensyal na radikalisasyon sa karahasan. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: https://nsi.ncirc.gov/
- Isumbong ang mga pagbabanta o kahina-hinalang aktibidad sa FBI o sa inyong lokal na awtoridad. Ang impormasyon pangkaugnayan para sa FBI Field Offices ay matatagpuan dito: http://www.fbi.gov/contact-us/field

## Maghanda

- Asahan ang mas mahigpit na seguridad sa karamihan ng mga lungsod sa U.S. at planuhin nang maaga upang maapghamdaan ang mga antala at pinaghihigpitan/ipinagbabawal na mga bagay.
- Sa mga lugar na may maraming tao, panagutan ang inyong personal na kaligtasan. Tandaan ang mga labasang pang-emerhensiya at lokasyon ng pinakamalapit na mga tauhan ng seguridad. Panatilihin ang mga cell phone sa inyong bulsa sa halip ng sa bag o sa mga mesa nang sa gayon hindi ninyo mawawala ang mga ito sa panahon ng isang insidente. Magdala ng mga detalye ng pang-madaliang impormsyong pangkaugnayan at anumang impormasyon sa espesyal na mga pangangailangan sa lahat ng oras. Para sa karagdagang impormasyon bisitahin ang: http://www.ready.gov

## Manatiling-may-alam

Ang Pamahalaan ng Estados Unidos ay magbibigay ng karagdagang impormasyon tungkol sa anumang mga umuusbong na pagbabanta kapag ang karagdagang impormasyon ay matuklas. Ang publiko ay hinihikayat na makinig sa lokal na tagapagpatupad ng batas at mga opisyal ng kaligtasan ng publiko.

Hinihimok namin ang mga Amerikano na patuloy na maglakbay, dumalo sa pampublikong mga kaganapan, at malayang makipag-ugnay sa iba ngunit manatiling mapagbantay at mapanuri sa paligid habang ginagawa ito, lalo na sa panahon ng bakasyon.

**Kapag May Nakita Ka, Sabihin Mo.**
**Iulat ang kahina-hinalang aktibidad sa lokal na tagapagpatupad ng batas o tumawag sa 911.**

Ang National Terrorism Advisory System ay nagbibigay sa mga Amerikano ng impormasyon pang-alert tungkol sa mga banta sa homeland security. Ito ay ipinamamahagi ng Department of Homeland Security. Makukuha ang higit pang impormasyon sa: http://www.dhs.gov/advisories. Upang makatanggap ng mga mobile na mga update: https://twitter.com/dhsgov.

*Kapag May Nakita Ka, Sabihin Mo. Sabihin Mo ay ginamit nang may pahintulot ng NY Metropolitan Transportation Authority.*